Valley Transportation Authority

*Solutions that move you*

# *TALAAN NG IMPORMASYON:*
# ***Pinagsamang Pagpapasulong sa Real Estate ng***

## Cottle Station




### Deskripsyon ng Proyekto

Ang Cottle Station ay isa sa pag-aaring real estate ng VTA na magagamit sa pagpapasulong sa hinaharap. Ang ari-ariang ito ay nasa mga pagitan ng Cottle Road, SR-85, at Hospital Parkway, katabi ng pasilidad ng San Jose Kaiser Permanente. Sa kasalukuyan, ang ari-ariang ito ay nagsisilbing di-gaanong nagagamit na loteng Park & Ride para sa tren at mga pampasaherong bus.

Ang VTA Joint Development Program ay nakikipagtulungan sa munisipyo at mga pribadong kasosyo upang magpasigla ng pagpapasulong ng pabahay, negosyo, at mga employment centers sa mga lugar na makakatulong sa pagdami ng mga sumasakay sa transit, na mag-aambag naman sa sigla ng komunidad. Kasama sa mga kahilingan ng Joint Development ng VTA ang may di-bababa sa 20% pabahay sa isang partikular na lugar ay dapat na abot-kaya ang halaga.

*Pagpapatuloy*

## Mga Layunin

- Paghahanda ng lugar para sa pagpapasulong sa hinaharap
- Mapadali ang Transit-Oriented Development (TOD)
- Paramihin ang mixed-used development, lakip na ang mga oportunidad na mumurahin pabahay na malapit sa transportasyon
- Makapaglaan ng oportunidad na trabahong malapit sa transit
- Paramihin ang pangmatagalang pagpasok ng kita para sa mga operasyon ng transit

## Mga Resulta

- Paggaan ng trapiko
- Malinis na hangin
- Pabahay at mga trabaho na malapit sa mga sentro ng transit
- Pagdami ng sumasakay sa pampublikong transit

## Mga Pakinabang sa Transit Oriented Development

- Mga Pakinabang na Pangkapaligiran at Pampublikong Kalusugan
- Pagbaba ng Auto Dependence – Ang mga nakatira sa TOD ay may mas mababang pangangailangan sa paradahan
- Pagtugon sa Pangangailangan para sa Pabahay – Nakakatulong na maasikaso ang panrehiyong krisis sa pabahay
- Pagiging Nakakasabay sa Ekonomiya – Ang mga lokasyon ng TOD ay nakakaengganyo sa mga employer
- Mga Pakinabang na Pangmagkakapit-bahay at Pampiskalya – Ang TOD ay maaaring makalikha ng malaking katipiranan sa sambahayan (ang mga taong nakatira malapit sa transit ay mas kaunti ang gastos sa transportasyon)

## Kasalukuyang mga Aktibidad

Ang VTA ay nagpapalano kasama ng Lungsod ng San Jose at ang komunidad ng espasyo upang ang mga tao ay makapanirahan at makapagtrabaho malapit sa pampublikong transportasyon. Ang TOD sa lokasyong ito ay magpapangyaring ang magkahalong paggamit ng pagpapasulong (residensyal at komersyal) ay maganap sa site.

## Iskedyul ng Proyekto/Pagpapasulong

Sa ngayon, ang VTA ay walang iminungkahing proyekto o talaan ng panahon para sa mga pagpapasulong sa hinaharap.

## Paano Kami Makokontak

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proyektong ito, mangyaring kontakin ang Community Outreach Department ng VTA sa (408) 321-7575, TTY (408) 321-2330. Maaari mo rin kaming bisitahin sa web sa *www.vta.org/CottleDevelopment*, o mag-e-mail sa amin sa *community.outreach@vta.org*.